

Paghahanda sa mga Kustomer ng Illinois Medicaid para sa mga Pagbabago ng H.R. 1

Unang Yugto – I-update ang Iyong Tirahan Toolkit para sa mga Stakeholder
Pebrero 2026



HFS

Illinois Department of
Healthcare and Family Services

Bakit Ito Mahalaga

Ang H.R. 1 ay nagpapakilala ng mga bagong kahingiang pangtrabaho ng Medicaid para sa ilang kustomer na maaaring mawalan ng pagkasaklaw [coverage] kung hindi sila malinaw na nabigyan ng impormasyon. Ang mga update na ito ay itinatakda sa ilalim ng batas pederal at hindi mga pagbabagong sinimulan ng Estado ng Illinois.

- Ipinapatupad ng HFS ang mga kahingiang ito upang sumunod sa mga bagong regulasyong pederal. Ang Kagawaran ay nakatuon sa pagbibigay ng malinaw na impormasyon, maagap na abiso, at suporta upang maunawaan ng mga kustomer kung ano ang ibig sabihin nito para sa kanila at kung paano mapapanatili ang kanilang pagkasaklaw kung sila ay kwalipikado.
- Itinatakda ng batas pederal ang pagbibigay ng abiso nang maaga sa mga kustomer, kaya't napakahalaga na hilingin natin sa mga kustomer na i-update ang kanilang impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Ang mga kahingiang pangtrabaho ay komplikado, ngunit maraming mga eksemsyon.
- Ang kalituhan ang pangunahing panganib, hindi ang kawalan ng kwalipikasyon.
- Dapat tiyakin ng Illinois ang pagsunod *at* pagpapatuloy ng pagkasaklaw.

Layunin: Malinaw at napapanahong komunikasyon na pumipigil sa maaaring maiwasang pagkawala ng pagkasaklaw sa Medicaid.

Ano ang Magbabago sa Ilalim ng H.R. 1?

Simula sa 2027, ang ilang nasa hustong gulang ay maaaring kailanganing makibahagi sa trabaho, paaralan, serbisyo sa komunidad, o pagsasanay upang **MAKAKUHA o **MAPANATILI** ang pagkasaklaw sa Medicaid.**

- Magkakaiba ang mga kahingian batay sa indibidwal na kalagayan
- **Aabisuhan ng Illinois ang mga apektadong kustomer nang maaga**
- Ang mga kustomer na hindi susunod ay maaaring mawalan ng pagkasaklaw
- Tandaan, maraming kustomer ang **ma-e-exempt**

Pangunahing hamon: Pagpapaliwanag *kung sino ang apektado at kung sino ang hindi.*

Pangkalahatang Layunin ng Komunikasyon

1. Palakihin ang kamalayan ng mga kustomer na may darating na mga pagbabago
2. Malinaw na ipaliwanag kung sino ang apektado at kung sino ang may eksemsyon
3. Magbigay ng simple at madaling maunawaang mga panuto para sa mga dapat kumilos
4. Bawasan ang kalituhan, hirap sa call center, at prosidyural na pagkakatanggal sa listahan
5. Matugunan ang lahat ng pederal na abiso at mga kahingian sa pagiging naa-access

Yugto-yugtong Istratehikong Pamamaraan

Yugto-yugtongistratehiya sa komunikasyon

- Magsimula nang maaga sa pagpapalaganap ng kamalayan: **Kampanya sa Pag-update ng Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**
- Magdagdag ng mas espesipikong mensahe habang papalapit ang pagpapatupad
- Targetin ang mga lugar na may malaking epekto gamit ang mga konkretong hakbang sa pagkilos
- Magpalakas sa pamamagitan ng mga pinagkakatiwalaang katuwang at tagapagbigay-serbisyo
- Pagsamahin ang bayad na media sa mga pangmasa *[grassroots]* at organikong pagpapaabot

Timeline ng Komunikasyon

Unang bahagi ng 2026: Kamalayan at Paghahanda

- Ang mga pagbabago sa Medicaid ay darating sa huling bahagi ng 2026 at 2027
- Paki-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan
- Magbibigay ang Illinois ng abiso nang maaga

Kalagitnaan ng 2026: Malawakang Kamalayan ng Publiko

- Ang ilang mga nasa hustong gulang ay maaapektuhan
- Maraming kustomer ng Medicaid ang ma-e-exempt
- Ang mga paunang abiso ay **ipapadala lamang sa mga apektadong kustomer**

Taglagas 2026: Naka-target na 90-Araw na mga Abiso

- Naka-indibidwal na mga abiso na ipapadala sa mga apektadong kustomer lamang
- Malinaw na mga panuto, mga huling araw, at mga opsyon sa tulong

Enero 2027 at Pasulong: Pagpapatupad at Pagpapalakas

- Mga paalala at tuloy-tuloy na suporta
- Pokus sa pagpigil sa maaaring maiwasang pagkawala ng pagkasaklaw

Maging Maalam/I-
update ang Iyong
Impormasyon sa
Pakikipag-ugnayan

Abisuhan / Bigyan ng
panuto ang mga
Apektadong
Kustomer Lamang

Kumilos ang
mga Kustomer
kung
Kinakailangan

Layunin: Ihanda ang mga kustomer nang hindi nagdudulot ng kalituhan o maagang pagkilos.
Magsimula sa pag-update ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Madla: Lahat ng mga kustomer, tagapagbigay-serbisyo, tagapagtaguyod, MCO ng Medicaid

Mensahe: “May darating na mga pagbabago sa 2027. Maraming tao ang ma-e-exempt. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Illinois bago ka kailangang kumilos. Mahalagang i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan kabilang ang iyong adres ng padalahan ng sulat, email, at numero ng cellphone.”

Mga Aytem sa Toolkit:

- Polyeto
- Nilalaman na Pang-Social Media
- Lengguwaheng Pang-Newsletter
- Lengguwaheng Pang-Text Message
- Lengguwaheng Pang-Email

MANATILING MAY-ALAM Tungkol sa Paparating na mga Pagbabago sa Medicaid



I-update ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan


Siguraduhing maaabot ka ng Illinois Medicaid, upang hindi mo makaligtaan ang mahahalagang abiso.

Magpapatupad ang pederal na pamahalaan ng mga pagbabagong makakaapekto sa ilang kustomer ng Medicaid simula **Enero 2027**. **Maraming kustomer ang hindi maaapektuhan**, at makikipag-ugnayan sa iyo ang Illinois Medicaid kung sakaling kabilang ka sa mga maaapektuhan ng mga pagbabagong ito.

Kung makatanggap ka ng sulat mula sa estado ng Illinois, buksan ito kaagad: maaaring nakasalalay dito ang iyong pagkasaklaw sa Medicaid.

I-update ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email **NGAYON**:

 Bisitahin ang **abe.illinois.gov**, o

 Tumawag sa **877-805-5312**

Ang pag-update ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay hindi nangangahulugang magbabago ang iyong mga benepisyo.



Manatiling May-Alam Tungkol sa Paparating na mga Pagbabago sa Medicaid

I-update ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan Siguraduhing maaabot ka ng Illinois Medicaid, upang hindi mo makaligtaan ang mahahalagang abiso.

Magpapatupad ang pederal na pamahalaan ng mga pagbabagong makakaapekto sa ilang kustomer ng Medicaid simula Enero 2027. Maraming kustomer ang hindi maaapektuhan, at makikipag-ugnayan sa iyo ang Illinois Medicaid kung sakaling kabilang ka sa mga maaapektuhan ng mga pagbabagong ito.

Kung makatanggap ka ng sulat mula sa estado ng Illinois, buksan ito kaagad: maaaring nakasalalay dito ang iyong pagkasaklaw sa Medicaid.

I-update ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email **NGAYON**:

- Bisitahin ang **abe.illinois.gov**, o
- Tumawag sa **877-805-5312**

Ang pag-update ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay hindi nangangahulugang magbabago ang iyong mga benepisyo.

MGA KUSTOMER NG MEDICAID:

Manatiling May-Alam Tungkol sa Paparating na mga Pagbabago sa Medicaid



I-update ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email **NGAYON**:

Siguraduhing maaabot ka ng Illinois Medicaid, upang hindi mo makaligtaan ang mahahalagang abiso.

 Bisitahin ang abe.illinois.gov, o
 Tumawag sa 877-805-5312312



HFS
Illinois Department of
Healthcare and Family Services



Opsyon 1:

Manatiling May-Alam Tungkol sa Paparating na mga Pagbabago sa Medicaid Magpapatupad ang pederal na pamahalaan ng mga pagbabagong maaaring makaapekto sa ilang kustomer ng Medicaid simula Enero 2027. Maraming kustomer ang *hindi* maaapektuhan. Makikipag-ugnayan sa iyo ang Illinois Medicaid kung sakaling kabilang ka sa mga maaapektuhan ng mga pagbabagong ito. Siguraduhing maaabot ka namin. Kung makatanggap ka ng sulat mula sa Estado ng Illinois, buksan ito kaagad - maaaring nakasalalay dito ang iyong pagkasaklaw.

I-update ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email ngayon:
Bisitahin ang abe.illinois.gov
Tumawag sa 877-805-5312

Opsyon 2:

May darating na mga pagbabago sa Medicaid sa 2027. Direkta kang aabisuhan ng Illinois Medicaid kung kailangan mong kumilos. Ang pinakamahalagang hakbang ngayon ay siguraduhing napapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Buksan agad ang sulat mula sa Estado ng Illinois. Bisitahin ang abe.illinois.gov o tumawag sa 877-805-5312.

Opsyon 3:

Darating ang mga pagbabago sa Medicaid sa 2027. Maraming kustomer ang hindi maaapektuhan, ngunit kailangang makontak ka ng Illinois Medicaid. Buksan agad ang sulat mula sa Estado ng Illinois. I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ngayon sa abe.illinois.gov O tumawag sa 877-805-5312

Yugto 1

Pang-Social Mediang I-update ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan



HFS
Illinois Department of
Healthcare and Family Services

Manatiling May-Alam Tungkol sa Paparating na mga Pagbabago sa Medicaid

May darating na mga pagbabago sa Medicaid sa 2027, at nais naming matiyak na mayroon ka ng impormasyong kailangan mo.

Ang pederal na pamahalaan ay nagsasagawa ng mga pagbabagong maaaring makaapekto sa ilang kustomer ng Medicaid simula Enero 2027. Maraming kustomer ang hindi maapektuhan. Kung sakaling kabilang ka sa mga maapektuhan ng mga pagbabagong ito, makikipag-ugnayan sa iyo ang Illinois Medicaid bago ka kailangang gumawa ng anumang aksyon.

Bakit Mahalaga ang Pag-update ng Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Ang pinakamahalagang hakbang na maaari mong gawin ngayon ay siguraduhing napapanahon ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Nakakatulong ito na matiyak na matatanggap mo ang mahahalagang abiso tungkol sa iyong pagkasaklaw.

Kung makatanggap ka ng sulat mula sa Estado ng Illinois, buksan ito kaagad. Maaaring nakasalalay dito ang iyong pagkasaklaw sa Medicaid.

I-update ang Iyong Impormasyon Ngayon

Mangyaring tiyakin na ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email ay napapanahon.

Maaari mong i-update ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng:

- Pagbisita sa **ABE.Illinois.gov** at i-click ang **“Manage My Case.”** Doon mo makikita ang mga abiso, masusuri ang pagkasaklaw, maa-update ang iyong impormasyon, at marami pang iba – lahat sa iisang lugar.
- Pagtawag sa **877-805-5312**

Ang pagpapanatiling napapanahon ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay **hindi** nangangahulugang magbabago ang iyong mga benepisyo. Nakatutulong lang ito para makontak ka namin kung kailangan naming magbahagi ng mahahalagang impormasyon.

Maraming salamat sa paggawa ng simpleng hakbang na ito upang maprotektahan ang iyong pagkasaklaw.

Opsyon 1:

Magsisimula ang mga pagbabago sa Medicaid sa 2027. Marami ang hindi maaapektuhan, ngunit may ilan na maaapektuhan. Manatiling may-alam. I-update ang impormasyon sa abe.illinois.gov o 877-805-5312. Buksan agad ang sulat mula sa Estado.

Opsyon 2:

Magsisimula ang mga pagbabago sa Medicaid sa 2027. Marami ang exempted, may ilang hindi. Manatiling may-alam. I-update ang tirahan/telepono/email sa abe.illinois.gov o 877-805-5312. Buksan kaagad ang sulat mula sa Estado.

Opsyon 3:

Protektahan ang iyong pagkasaklaw. I-update ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa abe.illinois.gov o 877-805-5312. Magsisimula ang mga pagbabago sa 2027 para sa ilan. Buksan agad ang sulat mula sa Estado.

Paksa: Manatiling May-alam: I-update ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan para sa Medicaid

Mahal na Kustomer,

Nais naming ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga pagbabagong darating sa Medicaid.

Simula Enero 2027, ang mga bagong patakarang pederal ay maaaring makaapekto sa ilang kustomer ng Medicaid. Maraming tao ang hindi maapektuhan. Kung kailangan mong gumawa ng anumang aksyon, makikipag-ugnayan muna sa inyo ang Illinois Medicaid.

Sa ngayon, ang pinakamahalagang bagay na maaari mong gawin ay tiyaking tama ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Kung makatanggap ka ng sulat mula sa Estado ng Illinois, buksan ito kaagad. Maaaring ito ay tungkol sa iyong pagkasaklaw sa Medicaid.

Paki-update ang iyong tirahan, numero ng telepono, at email ngayon:

- Bisitahin ang **ABE.Illinois.gov** at i-click ang **“Manage My Case.”** Doon mo makikita ang mga abiso, masusuri ang pagkasaklaw, maa-update ang iyong impormasyon, at marami pang iba – lahat sa iisang lugar.
- O tumawag sa **877-805-5312**

Ang pag-update ng iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay HINDI nangangahulugang magbabago ang iyong mga benepisyo.

Maraming salamat sa pagtulong sa amin na mapanatiling napapanahon ang iyong impormasyon.

Illinois Department of Healthcare and Family Services